


# Learning Guide



in

# Sibika at Kultura

## Grade II

## Mga Sagisag o Pananda sa Mapa

**Learning Guide: Sibika at Kultura**
Pag-aari ng Pamahalaan • Hindi Ipinagbibili
Unang Limbag 2001

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 9 ng Atas ng Pangulo Bilang 49: "Walang karapatang-sipi ang anumang akda ng Pamahalaan ng Republika ng Pilipinas. Gayunman, kung kakalakalin ito, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang gumawa nito."

Ang mga Learning Guides sa Sibika at Kultura ay inihanda ng Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum (Curriculum Development Division) ng Kawanihan ng Edukasyong Pang-Elementarya. Sadyang inihanda ang mga kagamitang ito upang matulungan ang mga guro at mag-aaral para sa lubusang pagkatuto ng mga kasanayan gayon din upang maragdagan at mapayaman ang mga batayang aklat na inihanda ng Instructional Materials Council Secretariat (IMCS).


Iba't ibang kagamitan ang ginamit tulad ng kuwento, tula, maikling dula-dulaan, mga kuwentong bayan at iba pa sa paglalahad ng kasanayang lilinangin kasama ang maraming pagsasanay na angkop sa mga mag-aaral sa mga paaralang elementarya.

**Mga Tagapamahala.** Dr. Lidinila M. Luis-Santos, *Direktor ng Proyekto*; Dr. Teresita G. Inciong, *Pangalawang Direktor ng Proyekto*; Dr. Merlita A. Nolido, *Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum*; Ms. Corazon L. Galang, *Dating Tagapamahala, Sangay sa Pagpapaunlad ng Kurikulum.*

**Mga Manunulat.** Elizabeth J. Escaño, *Tagapag-ugnay ng Proyekto*; Elizabeth J. Escaño, Federico L. Reyno, Ofelia H. Eustaquio, Noel P. Miranda, Aurea S. Duran, Celia C. Juachon, Marion Grace A. Murillo, *Mga Kasapi*; Erlinda Andal, *Tagamasid, Sangay ng Manila*; Angelita Cagalingan, *Tagamasid, Sangay ng Pasig*, Carmencita Magabo, *Tagamasid, Sangay ng Makati*; Rosalinda Palacao, *Sangay ng Cavite*, Araceli Rivera, *Sangay ng Rizal*; Remedios G. Pardo, Herminia G. Valenzuela, Rowena B. Dino, Glenda P. Monterozo, Myrna D. Latoza, Ferdinand S. Bergado, Wilson T. Sy, Julius Peter M. Samulde, Romeo A. Granadozin, *Mga Katulong sa Paghahanda*, Eric S. de Guia, Fermin M. Fabella, *Mga Gumuhit ng Larawan.*

**BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION**
**Curriculum Development Division**

| | |
|---|---|
| Office Address: | 2nd Floor, Bonifacio Bldg.<br>DECS Complex, Meralco Avenue<br>Pasig City |
| Telephone No.: | 632-13-61 loc. 2055/2174/2175 |
| Fax No.: | 633-72-70 |



**ALAMIN**

Mamamasyal ka sa isang bagong parke. Hindi mo alam ang mga bagay na makikita rito. Isang mapa ng parke ang ibinigay sa iyo ng kaibigan mo. Marunong ka bang bumasa nito?


Matapos pag-aralan ang araling ito, matututuhan mo ang pagbasa ng mapa. Malalaman mo ang kahulugan ng mga sagisag o pananda rito.



**PAG-ARALAN**

A. Paghahanda

Suriin ang mapa.




- Saang dako naroon ang paaralan? ______________
- Saang dako naroon ang simbahan? ______________
- Ano ang makikita sa Kanluran? ______________
- Ano ang makikita sa Timog?

B. Paglinang ng Aralin

Ito ang mapa ng Barangay Makabayan.


Pag-aralan ito.




- Naintindihan mo ba ang mapa?
- Paano mo kaya ito malalaman?
- Ano ang makikita sa mapa?
- Paano mo nalaman ang kahulugan ng mga larawan?
- Sagisag o pananda ang tawag sa mga ito.

**PAGSASANAY**


A. Suriin ang mapa sa ibaba:




Kumuha ng kapareha. Magtanungan.

- Ano ang nasa kanto ng Mabini at Lapu-Lapu St.?
- Ano ang kahilera ng paaralan?
- Ano ang katabi ng simbahan?
- Saan naroon ang palaruan?
- Ano ang katabi ng palengke?

Sanggunian



## Gagawin Ko

Gumuhit ng mapa ng lugar na kinaroroonan ng sariling bahay at katabing bahay o gusali kung mayroon. Isulat ang ngalan ng kalye.


Gumamit ng pananda.

## Sa Tulong ng Guro

Magtalakayan tungkol sa ginawang mapa.

Kilalanin at sabihin ang ginamit na pananda.


B. Igawa ng sanggunian ang mga pananda sa mapa. Isulat ito sa sagutang papel.



**TANDAAN**


Nalaman ko na....

> Mahalaga ang mapa sa paghanap ng isang lugar o mga bagay. May mga sagisag na ginamit sa mapa tulad ng larawan o guhit. Makikita sa sanggunian ang kahulugan ng bawat sagisag.



**PAGLALAPAT**

A. Suriin ang mapa. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.



Gamitin ang pananda:

1. Anong gusali ang nasa Silangan? ______________


2. Anong gusali ang nasa Hilaga? ______________


3. Saang dako naroon ang palaruan? ______________

4. Saang dako naroon ang ospital? ______________

5. Saang dako naroon ang paaralan? ______________

B. Suriin ang mapa at ang pananda. Gumuhit ng pakrus na daan sa sagutang papel.






Iguhit ang sumusunod sa ginawang mapa:

1. palayan sa Hilaga

2. lawa sa Timog


3. gubat sa Silangan


4. tulay sa Kanluran

**SUBUKIN**

Suriin ang mapa at pananda.

Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.




A. Isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Alin ang tulay? ________________
2. Alin ang simbahan? ________________
3. Alin ang palayan? ________________
4. Alin ang paaralan? ________________
5. Alin ang palengke? ________________

B. Isulat ang titik ng wastong sagot.

1. Nasa Silangan ang ________

   a. paaralan

   b. tulay

c. simbahan

2. Ano ang nasa gitna ng paaralan at palengke?

a. bahay

b. bundok

c. palayan

3. Ano ang nasa gitna ng simbahan at mga bahay?

a. bangko

b. ospital

c. paaralan

4. Ang mga bahay ay nasa dakong __________

a. Hilaga

b. Kanluran

c. Silangan

5. Anong gusali ang nasa dakong Kanluran?

a. simbahan

b. bahayan

c. palengke



## PAGPAPAYAMANG-GAWAIN

Gumuhit ng mapa ng silid-aralan. Iguhit ang mga bagay na makikita dito. Gumamit ng mga sagisag o pananda.